Mensahe Sampu

## Si David, si Mephiboseth, at ang Kagandahang-loob ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 2 Sam. 9:1-13; Rom. 2:4; Efe. 2:7; 4:32; Tito 3:4-5; Col. 3:12

**I. Ang 2 Samuel 9:1-13 ay isang talâ ng pagpapakita ni David ng kagandahang-loob kay Mephiboseth, ang anak ni Jonathan:**

A. Nadama ni David na dapat siyang magpakita ng kagandahang-loob, alang-alang kay Jonathan, sa sinumang natitirang inapo ng bahay ni Saul at tinanong ang lingkod ng bahay ni Saul, na nagsasabi, "Wala na bang natitira sa sambahayan ni Saul, upang mapagpakitaan ko siya ng kagandahang loob ng Diyos?"—b. 3a.

B. Nagsabi ang lingkod kay David na mayroon pang isang anak si Jonathan, si Mephiboseth, na pilay ang kanyang mga paa—b. 3b.

C. Sinabihan ni David si Mephiboseth na nais niyang pagpakitaan siya ng kagandahang-loob alang-alang kay Jonathan na kanyang ama at pinangakuan si Mephiboseth na isasauli sa kanya ang buong lupain ng kanyang lolo at siya ay laging kakain sa mesa ng hari—bb. 7, 13.

D. Pinriserba ni Haring David ang kanyang buhay, pinanauli sa kanya ang lahat ng kanyang mana, at inanyayahan siya na magpista kasama niya sa parehong mesa—bb. 7, 9.

E. Binigay ni David kay Mephiboseth ang lahat ng kay Saul at sa kanyang buong sambahayan; si Mephiboseth ay patuloy na kumain sa mesa ng hari, at "siya ay pilay sa kanyang dalawang paa"—bb. 9, 13.

**II. Si Mephiboseth ay walang batayan upang tumanggap ng biyaya, subalit natanggap niya ito; ito ay totoo rin hinggil sa atin at sa Diyos:**

A. Si Mephiboseth ay walang anumang posisyon sa harap ni David—bb. 1-6:

1. Natanggap niya ang kagandahang-loob hindi dahil sa kanyang sarili kundi dahil sa isa pang tao—b. 7.
2. Ito ay totoo para sa isang makasalanan sa harap ng Diyos—Roma 2:4.

B. Ang *Lo-debar,* ang lugar kung saan tumira si Mephiboseth, ay isang salitang Hebreo na nangangahulugang "isang lugar na walang damo, walang pastulan"; ang sanlibutan ngayon ay isang "Lo-debar"—2 Sam. 9:4:

1. Si Mephiboseth, na lumisan mula kay David, ay naninirahan sa isang lugar na walang damo, walang anumang tustos ng buhay—b. 4.
2. Ang isang makasalanan na malayo sa Diyos ay isa ring naninirahan sa isang lugar na walang damo.

C. Hindi hinanap ni Mephiboseth si David, bagkus si David ay nagsugo ng mga tao upang sunduin si Mephiboseth—bb. 4-5.

D. Nang sinabi ni David, "Mephiboseth," mayroong isang mahabaging damdamin sa kanyang puso, at mayroong isang kaaya-ayang tono sa kanyang tinig—bb. 6-7:

1. Sa likod ng salitang ito ay isang pusong naghahayag sa puso ng Diyos—1 Sam. 16:7.
2. Ang puso ni David ay punô ng kagandahang-loob at kahabagan—20:14-15.

III. **Sa espirituwal na pananalita, tayo ay tulad ni Mephiboseth, ang apo ni Haring Saul (2 Sam. 4:4), na napilay sa kanyang mga paa:**

A. Bagama't si Mephiboseth ay madalas na kumain kasama ng hari, ang kanyang dalawang paa ay nanatiling pilay—9:7.

B. Matapos matanggap ni Mephiboseth ang biyaya mula kay David, tumingin lamang siya sa mga kayamanan sa mesa ni David; hindi siya tumingin sa kanyang mga pilay na paa sa ilalim ng mesa.

C. Tulad ni Mephiboseth, tayo ay makakakain sa mesa ng Hari bagama't tayo ay pilay—b. 13:

1. Ang ating mga paa ay pilay, subalit ang mga ito ay *nasa ilalim ng mesa*.
2. Matapos tayong maligtas, hindi natin dapat makalimutan ang tungkol sa ating "mga pilay na paa" at nakaupo sa mesa ng ating Hari, si Hesu-Kristo, upang tamasahin Siya—b. 7; Roma 14:17; Neh. 8:10:
   a. Tuwing tayo ay tumitingin sa ating mga sarili, masusumpungan natin na tayo ay pilay, at tayo ay mawawalan ng loob—cf. A. A. 2:8—3:5.
   b. Dapat lamang tayong tumingin sa mga kayamanan sa mesa ng Panginoon at tamasahin ang mga ito—Efe. 3:8.
3. Ang nilatag ng Diyos para sa atin ay kagila-gilalas, mayaman, at matamis; kailangan lang tayong kumain—Juan 6:50-51, 53-57; Mat. 8:11; 22:2; Apoc. 19:9.

D. Dapat tayong bumaling palayo sa pagsisiyasat sa sarili at tumingin patungo sa Panginoon—Heb. 12:2; 2:9.

E. Kapag tumitingin lamang tayo sa mga kayamanan at biyaya na nilatag ng Diyos sa harap natin, tayo ay magiging mapayapa, at ang ating mga puso ay masisiyahan—Mat. 5:6; 14:20.

IV. **Ang kagandahang loob ni David kay Mephiboseth ay sumasagisag sa kagandahang-loob ng Diyos—2 Sam. 9:3; Roma 2:4; Efe. 2:7; Tito 3:4-5:**

A. Ang kagandahang-loob ay isang kabutihan na nagmumula sa kahabagan at pag-ibig ng Diyos—Efe. 2:4, 7.

B. Ito ay ang kagandahang-loob at pag-ibig ng ating Diyos na Tagapagligtas na nagligtas sa atin at ginawa tayong naiiba mula sa iba—Tito 3:4:

1. Ang biyaya ng Diyos ay nagdadala ng kaligtasan sa tao; tayo ay naligtas sa pamamagitan biyaya ng Panginoon—2:11; 3:7.
2. Sinasabi ng Tito 3:5 na ayon sa Kanyang kahabagan ay niligtas tayo ng Diyos:
   a. Ang kahabagan ng Diyos ay umaabot nang mas malayo kaysa sa Kanyang biyaya—Roma 9:15-16, 18, 23; Heb. 4:16.
   b. Ang kaawa-awang kundisyon ay lumikha ng isang malaking puwang sa pagitan natin at ng biyaya ng Diyos.
   c. Ang kahabagan ng Diyos ang nagdugtong na puwang na ito at nagdala sa atin sa Kanyang kaligtasan ng biyaya—Roma 2:4; 9:23.
3. Sa Tito 3:4 at 5 ay nagsasabi si Pablo hindi ng biyaya kundi ng kagandahang-loob, pag-ibig, at kahabagan:
   a. Ang pag-ibig ay ang pinagmumulan ng biyaya; sa 1 Juan ay hinihipo natin pag-ibig ng Diyos Ama bilang ang pinagmumulan ng biyaya—3:1; 4:9-10.

   b. Sa puso ng Diyos Ama ay mayroong pag-ibig; kapag ang pag-ibig na ito ay naihahayag sa pamamagitan ng Anak, ito ay nagiging biyaya—Juan 1:14, 16-17.
   c. Ang kagandahang-loob ay ang saloobin ng Diyos sa pagbibigay sa atin ng biyaya—Efe. 2:7.
   d. Kapag mayroon tayong kahabagan, pag-ibig, at kagandahang-loob, awtomatikong mayroon tayong biyaya—Tito 3:4-5, 7.
   e. Ang ating Diyos at Ama ay nagpakita sa atin ng pag-ibig, kahabagan, at kagandahang-loob; sa pamamagitan nito na niliwigtas Niya tayo—bb. 4-5.

C. Sa mga kapanahunang darating—ang mga kapanahunan ng isang libong taon at walang hanggang hinaharap—ay ipapamalas ng Diyos "ang mga humihigit na kayamanan ng Kanyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin sa loob ni Kristo Hesus"—Efe. 2:7:
   1. Ito ay sa kagandahang-loob ng Diyos na ang biyaya ng Diyos ay ibinigay sa atin—b. 8.
   2. Ang mga kayamanan ng biyaya ng Diyos sa Kanyang kagandahang-loob ay humihigit sa bawa't limitasyon—b. 7:
      a. Ang mga ito ang mga kayamanan ng Diyos mismo para sa ating pagtatamasa—3:8.
      b. Ang mga kayamanan ng biyaya ng Diyos sa kagandahang-loob ay hayagang ipapamalas sa walang hanggan—2:7.

D. Isang aytem ng bunga ng Espiritu ay ang kagandahang-loob—Gal. 5:22:
   1. Na ibinihis ang bagong tao (Col. 3:10), bilang mga pinili ng Diyos, banal at sinisinta, kailangan nating ibihis ang mga panloob na bahagi ng kahabagan at kagandahang-loob (b. 12).
   2. Si apostol Pablo ay isang ministro ng Diyos sa kagandahang-loob, at inatasan niya tayo na magpatuloy sa kagandahang-loob ng Diyos—2 Cor. 6:4, 6; Roma 11:22.
   3. Ang pag-ibig ay mabuti (1 Cor. 13:4), at kailangan nating maging mabuti sa isa't isa, madamayin, nagpapatawad sa isa't isa, kung paanong ang Diyos kay Kristo ay pinatawad din naman tayo (Efe. 4:32).

*© 2021 Living Stream Ministry*